FABalita
OPISYAL NA BUWANANG PAHAYAGAN NG AUTHORITY OF THE FREEPORT AREA OF BATAAN
freeportareaofbataan | freeportareaofbataan | info@afab.gov.ph | #WEareFAB

> "Marami pong salamat sa inyong mainit na pagtanggap and I look forward to working with you all. Mabuhay po ang Freeport Area of Bataan!"
> *- Administrator Hussein P. Pangandaman*

# Welcome to AFAB, Administrator Mohammed Hussein P. Pangandaman!

**Mainit na sinalubong ng mga kawani ng Authority of the Freeport Area of Bataan (AFAB) ang bagong talagang Administrator ng ahensya na si Mohammed Hussein P. Pangandaman sa pamamagitan ng isang arrival of honors sa AFAB Auditorium noong ika-15 ng Mayo 2023.**

Nagpaunlak si Administrator Pangandaman ng isang talumpati kung saan inihatid niya ang matamis na mensahe ng Pangulong Ferdinand "Bongbong" Marcos, Jr. Aniya, "Hussein, Mahal na mahal ko ang lugar na 'yan. Bata pa lamang ako, pumupunta na ako riyan sa Bataan. I have wonderful memories of that place."

Ipinadama rin ni Administrator Pangandaman ang kanyang pananabik sa pagtapak sa probinsya ng Bataan, ang taglay nitong ganda, ang kakaibang sigla ng mga Bataeños, at ang malaking potensyal ng lalawigan sa pag-unlad.




G. Mohammed Hussein P. Pangandaman habang nagbibigay ng kanyang talumpati bilang bagong talagang Administrator ng Authority of the Freeport Area ng Bataan. ■

Ayon sa kanya, ipagpapatuloy lamang niya ang mga naging tagumpay na ng ahensya sa mga nakaraang taon.

Kabilang si Administrator Pangandaman sa 15 appointees ng Pangulong Marcos noong ika-28 ng Abril 2023 na unang inanunsyo ng Presidential Communications Office (PCO) noong ika-7 ng Mayo 2023. Siya ay unang naglingkod bilang kinatawan ng Lanao del Sur bago itinalagang Administrator sa AFAB. ■

## Senator Imee Marcos, bumisita sa FAB





Pagkikita nina AFAB Administrator Mohammed Hussein P. Pangandaman at Senador Imee R. Marcos sa pagsasagawa AICS payout ng Lokal na Pamahalaan ng Mariveles sa FAB. ■

**Bumisita sa Freeport Area of Bataan (FAB) si Senador Imee R. Marcos upang personal na daluhan ang pamamahagi ng ayuda sa ilalim ng programang Assistance to Individuals in Crisis Situation (AICS) sa Authority of the Freeport Area of Bataan (AFAB) Sports Complex 27 Mayo 2023.**

Malugod na sinalubong ni AFAB Administrator Mohammed Hussein P. Pangandaman ang senador kasama sina Bataan 3rd District Representative Maria Angela "Gila" S. Garcia, mga kinatawan mula sa Lokal na Pamahalaan ng Mariveles, Pamahaalang Panlalawigan ng Bataan (PGB), at Department of Social Welfare and Development (DSWD).

Ang nasabing programa ay pinangunahan ni Mariveles Municipal Mayor AJ Concepcion katuwang ang DSWD at sa pakikipagtulungan ng PGB.

Nangingibabaw naman ang galak ng mga nagsipagdalo sa pagtitipon at inaasahang magtutuluy-tuloy pa ang programang ito ng pamahalaan para sa mga higit na nangangailang sektor ng ating komunidad, gayundin ang mga manggagawa sa FAB. ■

# AFAB All-Out Labor Day Celebration para sa mga FAB workers



FAB Workers sa AFAB Sports Complex Grounds bitbit ang kani-kanilang mga pamilya habang naghihintay sa FABlowout na inihanda ng AFAB para sa pagdiriwang ng Araw ng mga Manggagawa. ■

Mainit na sinalubong ng Authority of the Freeport Area of Bataan (AFAB) ang buwan ng Mayo sa pamamagitan ng isang all-out celebration ng Araw ng mga Manggagawa bilang handog sa mga masisipag at magigiting na manggagawa sa Freeport.

Kasabay ng maaliwalas na panahon ang maliwanag na ngiti ng mga dumalo sa pinakahihintay na pagbubukas ng taunang Sama Summer Fair ng AFAB. Idinaos din sa parehong araw ang programang FABlowout kung saan tinangkilik ng marami ang libreng pica-pica, FABuenas raffle, at mini concert na handog ng AFAB hindi lamang para sa mga manggagawa sa FAB kundi pati kanilang pamilya.

Bukod dito, opisyal ding binuksan sa FAB ang Kadiwa ng Pangulo (KNP) kung saan tampok ang iba't ibang lokal na produktong sariwa at de-kalidad sa presyong mas mababa kaysa merkado. Layon nitong suportahan ang mga magsasaka't mangingisda upang direktang maibenta ang kanilang mga ani sa publiko.

Hindi rin kinalimutan ang pagpapatuloy ng proyektong Tulong Panghanapbuhay sa Ating Disadvantaged/Displaced Workers (TUPAD) na pinangunahan nina 3rd District Representative Gila Garcia, Mariveles Mayor AJ Concepcion at mga kawani ng DOLE Bataan- PFO, DTI-Bataan, TESDA, PESO at PSWDO.

Sa pamamagitan ng mga programang ito, layon ng AFAB na iparamdam ang pagkilala at buo nitong suporta sa bawat manggagawa na itinuturing nitong pulso ng bawat tagumpay sa loob ng Freeport Area of Bataan. ■

# Kauna-unahang Technology and Innovation Summit sa FAB




Mula sa Kaliwa - Francisco Beech, President of Impero Japan, GICC-Impero OBFTS Group Cofounder Emmanuel Samson, Dyna Quest Country Director Gail Macapagal, AFAB Corporate Affairs Department Technical Officer Paul Salapantan, at AFAB Marketing Chief Kelvin Rae Rodriguez sa nakalipas na Technology and Innovation Summit. ■

Kasama ang mga eksperto at lider sa industriya ng blockchain at financial technology, dumalo ang Authority of the Freeport Area of Bataan (AFAB) sa pagdaraos ng dalawang araw na Technology and Innovation Summit sa FAB noong ika-18 ng Mayo 2023.

Tampok muli ang AFAB sa nasabing aktibidad bilang kauna-unahang Government-Owned and Controlled Corporation (GOCC) at Investment Promotion Agency na may legal na mandatong mamahala ng digital ecosystem at ang kakayahan ng ahensya na mag-isyu ng Offshore Digital Asset License (ODAL).

Bilang kinatawan ni Administrator Mohammed Hussein P. Pangandaman, nagbahagi ng mensahe ng pagtanggap si AFAB Corporate Affairs Technical Officer Paul Robert A. Salapantan upang batiin ang mga dumalo sa summit.

Layon ng aktibidad na pag-ibayuhin ang pagbuo ng business relationships sa FAB na magmimitsa ng paglago ng nasabing industriya. Ipinarating ng AFAB ang buo nitong suporta, proteksyon, at pag-aalaga sa mga mamumuhunan.

Ang pagsisikap na ito'y sunod sa gampanin ng ahensyang palaguin ang ekonomiya at makagawa ng maraming hanapbuhay para sa taumbayan. ■

# FAB BITS



Ipinagdiwang ng AFAB ang **World Day for Safety and Health** noong ika-27 ng Abril 2023 kasama ang mga Food Handlers mula sa mga Micro Small Medium Enterprises (MSMEs) sa FAB sa pamamagitan ng pagdaraos ng isang talakayan sa layuning paigtingin ang pagpapanatili sa kalidad ng Food Handling and Safety para sa kaligtasan at kalusugan ng bawat miyembro ng komunidad ng FAB. ■



Bilang bahagi ng pagsisikap ng AFAB sa pagtiyak na naaayon sa tamang regulasyon nito ang proseso ng paglabas at pagpasok ng mga kagamitan sa loob ng FAB, isang **Business Licensee Orientation** ang isinagawa noong ika-10 ng Mayo 2023 kung saan tinalakay ang kumpletong proseso ng pagkuha ng permit, pag-aapply ng entry/exit gate pass, at kung bakit ito kailangang ipatupad ng ahensya. ■



Nagsagawa ng **Public Information Dissemination** activity ang AFAB kasama ang mga nais manirahan sa mga Economic Housings (EH) nito noong ika-15 ng Mayo 2023, sa Botanical Heights, Sitio Karagatan, Brgy. Alasasin, Mariveles, Bataan. Dito nilinaw ang house rules and regulations pati na rin ang pagsasagawa ng ocular visit sa mga ready for occupancy units. Ibinahagi rin ng Empresa Homes Inc. at Lumina Homes ang kanilang mga housing offers. ■

(larawan mula sa Bria Homes Website)







Nagsagawa ang AFAB ng magkahiwalay na ocular visit sa Empresa Homes Mariveles at Lumina Homes Pilar at Balanga upang personal na makita ang mga house units na maaari nang kunin at lipatan ng ating mga FAB Workers. ■